WESTERN UNION kamuntik ng maka perpek ng bayuhin nila ng pinong pino ang Nestle My Cup 3 in 1 **13-0** sa Round 15 ng matinding bakbakan sa DFBC 49th All Filipino Bowling League LACOSTE Cup 2016, 1st Conference!!!

#9 Western Union halos maka perpek kung saan kulang sila ng isang punto para sa maximum iskor ng pataubin nila ang si-singhap singhap na Nestle My Cup 3 in 1 **13-0** sa Round 15 of DFBC 49th All Filipino Bowling League, LACOSTE Cup 2016!

Nagpakita ng kakaibang galing ang mga Western Union ng sumabog lahat ang kanilang mga bowlers matapos lahat na magsumite ng 600+ na serye. Walang mahirap na lane, walang dry na lane sa koponan ng Western Union kung saan hirap na hirap makatama ang kanilang mga katunggali na Nestle samantalang panay ang ulan ng strike sa kanilang panig. Nagmistulang mga batang pinaglaruan ng mga mapeperang WU ang Nestle sa pangunguna ni Kapitan at dating Presidente na si Ariel Serrano na nagwala sa 665 na serye. Nakatulong ng malaki sina Abet Alba na pumutok ng 650 na serye sa mga iskor na 200, 225 & 225, ang napakabait na si Philip Cabutihan ay sumuksok ng 648 na serye sa mga iskor na 219, 221 & 208, ang maliit pero matinik na si Vien Datinguinoo ay sumungkit ng 636 na serye at ang musa na si Cherry Burayag ay sumurender ng 624 na serye. Ang Western Union ay nakapagtala ng 3,223 na serye para sila ay tanghalin na Edgar Vale & Nestle Team of the Week winner. Bumulusok pataas ang Western Union mula sa ika siyam (#9) tungo sa ika anim (#6) na puesto sa kanilang nakalap na 85 na puntos.
Ang Nestle My Cup 3 in 1 ay pinangunahan ni John Calamlam (582), Rax Araneta (569), Billy Hernandez (555), Danny Torres (538) and Team Captain Larry Dolor (514). Nestle My Cup 3 in 1 bumulusok paibaba sa ika labintatlong (#13) puesto sa kanilang 66 na puntos.

Grabeeeeeee ang pinakitang husay ni Ramil Tesoro ng LACOSTE (Dante's Peak) matapos manguna sa kanilang koponan sa pagrekord ng **11** na puntos laban sa kanilang mga sarili. Kasabay nito ay nag sunod sunod na strike si Ramil sa huling yugto kung saan kumamada siya ng 11 consecutive strikes. Isa na lang para sa kanyang perpek na game para na rin sa mahigit na dalawang libo na premyo mula sa Club at sa kanyang manager. Lahat tumigil maglaro, lahat pigil hininga, lahat nanonood kay Ramil kung saan butil butil ang kanyang pawis at malakas na ang nerbyos na katumbas ng uminom ng sampung tasang kape. Matapos punasan ang bola ng isang minuto, pumuwesto si Ramil, huminga ng malalim, lumakad ng parang pasan niya ang daigdig, binitawan ang bola na medyo tumalbog ng kaunti bago gumulong papunta sa target. Tumama naman sa 1-2 pocket na target pero iniwanan ang 3 pins para magtapos ng 297 overshadowing the 268 effort ng kanyang kakamping si Hashim Guinomla pero sapat para makakuha ng 2 bonus point ang kanyang koponan. Isang rare grand slam ang nakuha ni Ramil matapos siyang tanghalin na Dante's Peak Bowler of the Week awardee sa kanyang 297, Ballantine's High Series of the Week winner sa kanyang 724 scratch series (213, 214 & 297) at siyempre ang Accumulator Award. Nabasag din ni Ramil ang High Game Scratch record na 288 at High Game with Handicap record na 295 ni Mel Aviles sa kanyang 297. Sumunod kay Ramil si ace bowler, Hashim na nagkamal ng 679 scratch series sa mga iskor na 201, 210 & 268, hindi rin nagpatalo ang baby face na si Bernard Cabantog na naka ipon ng 648 series, ang import na si Jhey Laurel ay gumana din at nag ambag ng 609 series samantalang si Liza Castro ay almost there sa kanyang 593 series. Binasag ng LACOSTE ang High Series with Handicap record ng The Bowlers of Symmetry (TBS) na 3,203 sa kanilang 3,253 pin falls. Sa kadahilanang naka dalawang panalo na sila sa Team of the Week, sila ay exempted na this conference upang bigyan ng pagkakataon ang ibang mga koponan. Nanatili ang LACOSTE (Dante's Peak) sa ikatlong (#3) puesto sa kanilang 98 points.

Isang umaatikabong labanan sa pagitan ng #2 Xclusive at #4 The Bowlers of Symmetry (TBS) kung saan nangibabaw ang koponan ni Kapitan Alberto sa iskor na **9-3**. Ang bagong daddy na si Mel Aviles ang naging susi ng kanilang tagumpay matapos niyang magpakawala ng 677 series highlighted ng kanyang 288 scratch (295 with handicap) sa first game na nasilat ng 297 ni Ramil. Subalit kapareho ni Ramil, maghahati sila sa Accumulator Award. Sumaklolo kay Mel si Mommy Lily Leyesa na nagsampa ng 663 series sa mga iskor na 204, 229 & 230 at nanalo ng Ballantine's High Series of the Week, nandyan din si Manny Lacuanan na nag akyat ng 633 series, ang batang bata na si John Glen Leyesa ay nagbuhat ng 622 series kung saan tinapos ni Walter Aldeguer ang iskoring sa kanyang 581 series. Patuloy na humahabol ang Xclusive sa numero uno habang napanatili nila ang hawak sa ikalawang (#2) puesto sa kanilang 99 na puntos.

Ang The Bowlers of Symmetry (TBS) ay pinangunahan ni Uella Marcial sa kanyang 660 (231, 214 & 215), Joe Rodrigo na merong 615, Rex Galang na merong 603, Jonner Miranda na merong 558 at Kapitana Elsie Marcial (187) na nakipag sabwatan kay Hilda Pilipina (407) para sa 594 na serye. Napanatili ng The Bowlers of Symmetry (TBS) ang hawak nila sa ika apat (#4) na puesto sa kanilang 90 na puntos.

#1 No Bandage pinatikim ang ika apat na sunod na talo ng #7 FC Bowlers sa kanilang paghaharap **7-2**. Matapos ang mahigpitan na laban kung saan 1-1 ang iskor matapos ang game 2 kung saan nanalo ang No Bandage sa Game 1 pero bumawi ang FC Bowlers sa Game 2, ipinasok ni Kapitan July ang lucky charm ng kanilang koponan na si Alvin Alfaro sa Game 3. Dito na nag iba ang tema ng laro at umalagwa na ang kanilang koponan. Si Tess Victoria ang nanguna sa opensiba ng grupo kung saan siya ay naglagak ng 609 series na sinundan ni Rodel Calderon na nagkamal ng 599 series, si katotong Andy Erena ay naglagay ng 553 series, samantalang si Kapitan July Perez (230) ay nagsanib puersa kay Paolo Joquico (431) para sa 661 series at si Ging Aring (348) ay nakipag sabwatan kay Alvin Alfaro (187) para sa 535 series. Patuloy na namamayagpag ang No Bandage sa ating liga kung saan sila pa din ang nangunguna sa kanilang 103 na puntos.

Ang FC Bowlers ay pinangunahan nila Michael Clarin (648), Noel Benavidez (612), Chris Calgao (585), Marivel Planes (579) at Kapitan Bobby Velayo (521). Ang FC Bowlers ay nakabitin na sa ika sampung (#10) puesto sa kanilang 78 na puntos.

Sobrang kamalasan ang inabot ng #5 SMDC the good guys ng patuwarin sila ng #18 The InKredibowls **8-0**. Walang patawad ang The InKredibowls ng ipinalasap nila ang ikalawang sunod na bokya ng SMDC team. Ang kamangha mangha sa The InKredibowls ay ginawa nila ito habang kulang noong first game dahil nahuli ng dating si Filo at second game na siya nakalaro. And bebeng si Arnel Bermas ang nagpahirap sa SMDC sa kanyang slow motion na 634 series. Nakatulong ni Arnel si Kapitan Tracyval Cada na nagpabagsak ng 585 series, si Josie Forshow na patuloy na nag i-improve this time meron siyang 584 series, si Merle Pilapil Cada ay nagpatumba ng 524 series at ang late comer na si Filo Escabel ay nagtapos ng 431 series. Nanatili ang The InKredibowls sa ika labing walo (#18) sa kanilang 45 na puntos.

Pinangunahan ni Kathleen Raymundo ang SMDC the good guys sa kanyang 578, Jojo Mercado na may 537, Doc Ronnie Fabian na may 532, Xanthie Fronda na may 507 at Noel Talavera na may 500. Nalaglag ang SMDC the good guys sa ika walong puesto (#8) sa kanilang 83 na puntos.

Kinuyog ng #6 Louie's Team ang #10 V for Victory **8-0**. Pinagdiwang ng Louie's Team ang pagbabalik ni high flying Andy Matic na nag top score para sa kanilang koponan ng 612 na serye. Si Andy ay nakahanap ng katulong sa katauhan ng dating Katorse lead star Grace Abalos na nagsumite ng 612 na series, Joseph Quintillan na nagpalakas ng 596 na serye, Robi "Patira" Gamboa na tumirada ng 548 na serye at Kapitan Louie Sindayen na nagpakawala ng 517 na serye. Ang Louie's Team ay pumasok na sa Top 5 teams sa ika limang (#5) puesto sa kanilang naipon na 89 na puntos.

Pinangunahan ni Mhel Fernandez ang V for Victory sa kanyang 588, Lilian Vargas na merong 560, Joan Vargas na merong 543, Arnold Garcia na merong 530 at Alfie de Ubago na merong 524. Ang V for Victory ay lumabas na sa Elite Top 10 teams sa ika labing isa (#11) sa kanilang 72 na puntos.

Isang pag-a-aklas sa pagitan ng mga manginginom ng #8 Ballantine's ng hindi nila payagan na maglaro ang kanilang kapitan kontra sa mapanganib na #13 B&G. Nagbunga ang kanilang rebolusyon ng gapiin ng 5X Champion ang kanilang katunggali **9-0**. Ang dating FAMAS best actor winner na si Dindo Fernando ang bumanat sa kanyang 640 na serye habang nakatulong ng malaki ang kanilang import na si Gene Ornejas na dahan dahan ng napapakinabangan sa kanyang 632 na serye, ang homeward bound na si Marivic Alfaro ay sumunod sa kanyang 615 na serye, ang dating pasaway pero ngayon ay isa ng responsableng tatay, Jay-R Yjares ay nakakuha ng 589 na serye at ang bayani ng Round 14 na si Boy Wonder, Robin Edralin ay nagtapos ng 572 na serye. Umakyat ang Ballantine's sa ika pitong puesto sa kanilang 83 na puntos.

Ang B&G ay pinangunahan ni Kapitan Herbert Capili na may 610, Edwin Diaz na may 596, Dong Corpuz na may 579 at Melissa Obmina na may 446. Ang B&G ay sumadsad sa ika labing apat (#14) na puesto sa kanilang 66 na puntos.

Inilampaso ng #11 IIEE ang inconsistent #14 Covenant **7-2**. Ang pagbabalik ng orihinal na lawin na si Liza Lugto na sumisid ng 634 na serye para manguna sa kanilang opensiba. Kasunod ni Liza si Kapitan Vic Abejero na lumaklak ng 588 na serye, si Loreto Gonzaga na sumambulat ng 575 na serye, Arnel Arias na sumuksok ng 572 na serye at si Ramil Aquino (193) ay nakisama kay Bernard Solomon (398) ng 591 na serye. Nakapasok na sa Elite Top 10 teams ang IIEE sa ika siyam (#9) na puesto sa kanilang 79 na puntos.

Pinangunahan ni Cris Bucu ang Covenant sa kanyang 668 sa mga iskor na 235, 228 & 205, Manny Riveral na may 598, Luzel Martinez na may 569, Marlon Martinez na may 551 at Maureen Dujali na may 537. Ang Covenant ay nalaglag sa ika labing lima (#15) sa kanilang 61 na puntos.

#17 Team Pilipinas ipinagbalibagan ang #16 Remy's Team **8-0**. Sinamantala ng Team Pilipinas ang erratic plays ng kanilang katunggali kung saan nag record si Jake ng 115 low game sa huling salpukan. Ang batang bata na si Fuly Sales Primo ang nagpakitang gilas sa kanilang koponan na sumakmal ng 621 na serye. Naka alalay naman kay Fuly si mark Bumagat na bumakat ng 596 na serye, Janet Jose na bumagtas ng 566 na serye, Kapitan Dennis Araza aka John Lloyd na kahit busy sa pag promote ng kanyang latest movie na "Just the 3 of Us" ay naka ambag pa din ng 559 na serye at si Janice Castillo (227) na nakipag usap kay Michael Fidel (312) para sa 539 na serye. Umakyat sa ika labing anim (#16) ang Team Pilipinas sa kanilang 59 na puntos.

Pinangunahan ni Rodel Billones ang Remy's Team sa kanyang 613, Tina Tabon na merong 555, Mark Hernandez na merong 527, Fred Realon na merong 525 at Jake Leonador na merong 464. Ang Remy's Team ay napunta sa ika labing pito (#17) sa kanilang 52 na puntos.

Ang iba pang mga resulta:

#15 Approach-A-Bowls pinaglaruan ang kanilang mga sarili at naka iskor ng **10** puntos. Ang kanilang Kapitan na si Robert Vargas ang nagpakawala ng 640 series sa kanyang mga pinabagsak na 206, 209 & 225. Sumaklolo naman kay Kapitan Robert sina Marivic Parducho na inspiradong naglagak ng 636 series, Daisy Rivera na kinaliwa ang 600 series, Albert Soriano na dahan dahang nagpaputok ng 588 series at Ato Lubao na nagpagawa ng 574 series. Naka akyat sa ika labing dalawang (#12) puesto ang Approach-A-Bowls sa kanilang 67 na puntos.

Ang mga bida sa ating Round 15.

Accumulator Award 2/Rounds		Ramil Tesoro	297
Edgar Vale & Nestle's Team of the Week		Western Union	3,223
Bowler of the Week – Male		Ramil Tesoro	297
Bowler of the Week – Female		Marivic Parducho	248
High Series of the Week – Male		Ramil Tesoro	724
High Series of the Week – Female		Lily Leyesa	663
WTA Winners	Game 1	Game 2	Game 3
Male Open + Handicap	Uella Marcial -231 (130)	Jey Laurel – 227 (160)	Ramil Tesoro – 297 (160)
Female Open + Handicap	Uella Marcial -231 (40)	Fuly Sales Primo – 237 (60)	Marivic Parducho – 248 (70)

Pagkatandaan! Kasama ang inyong handicap sa ating WTA para mabigyan ang lahat ng pagkakataon na manalo. Kaya ano pa ang hinihintay ninyo? Sali na!!!

Ang nangungunang 10 na mga magigiting na mandirigma matapos ang Round 15.

1	No Bandage	103	Points
2	Xclusive	99	Points
3	LACOSTE (Dante's Peak)	98	Points
4	The Bowlers of Symmetry (TBS)	90	Points
5	Louie's Team	89	Points
6	Western Union	85	Points
7	Ballantine's	83	Points
8	SMDC the good guys	83	Points
9	IIEE	79	Points
10	FC Bowlers	78	Points

Announcements:

We will have our Round 15 this coming Friday, 6th May 2016 to be followed by our May Bowler of the Month Finals at 2:30pm.

Ang mga magtutunggali para sa ating May BOM finals ay ang mga sumusunod:

Classification	Top Qualifier	Challenger/s
Class O – Male	Rodel Billones	Ramil Tesoro
		Butch Vargas
Class A – Male	Philip Cabutihan	Mike Vargas
		Billy Hernandez
Class B – Male	Andy Erena	Manny Riveral
		Abet Alba
Class C – Male	John Glenn Leyesa	Arnel Bermas
		Joel Umalsa/Joe Rodrigo
Female		
Open	Liza Castro	Elsie Marcial
		Rax Araneta
Class C	Lily Leyesa	Fuly Sales Primo
		Luzel Martinez

Magsisimula ngayong Biyernes ang June BOM qualifying. Maari kayong magpalista sa B&G sa Lane 3 at sa Xclusive sa Lane 12 for your entries. The deadline for your entries will be before the end of the 3rd frame of the first game. Our BOM entry fee is AED 30.00.

We would like to thank our major sponsor for this conference, LACOSTE and our support sponsors, Ballantine's (Pernod Ricard Gulf), Nestle, Ben Descargar, Edgar Vale and Dante's Peak.

That is all for now. Let us enjoy our Fridays in DIBC. Just remember bowling is fun and therapeutic. Win or lose just keep on smiling and Laughter is the best medicine. Happy bowling to everybody!!! We will see you on Friday, 6th May 2016 at 10:00am for our Round 15 to be followed by our May BOM Finals.

MMG